

## Ang TANGING aprubado ng FDA na vaginal insert na dinesenyo para ihanda ang iyong cervix sa panganganak<sup>1,2</sup>

Minsan, kailangan ng katawan mo ng tulong sa pagiging handa sa panganganak.

Ang CERVIDIL ay isang vaginal insert na tumutulong sa cervix mong huminog, lumambot at numipis, katulad ng karaniwang paraan na ginagawa ng iyong mga hormone. Pinahihintulutan nitong dumaan ang sanggol sa birth canal.



### Panghugot na pisi

pinahihintulutang madaling maalis ng iyong doktor o komadrona ang CERVIDIL (tulad ng tampon)<sup>1</sup>



(Makikita ang ipinapasok sa aktuwal na sukat)

Ipinapasok ng iyong doktor o komadrona ang CERVIDIL sa ospital, at madali itong alisin kapag nagpasya na siyang oras na.

### Naghahatid ng hormone

tulad ng sariling dinoprostone na hormone sa katawan mo, para makatulong na palambutin, panipisin at ibuka ang iyong cervix<sup>1</sup>

### Dahan-dahang inilabas

sa loob ng 12-oras<sup>1</sup>

### INDIKASYON

Ang CERVIDIL (dinoprostone, 10 mg) ay isang vaginal insert na aprubado para simulan at/o ipagpatuloy ang paghinog ng cervix sa mga buntis na kababaihan na nasa o malapit na sa oras ng panganganak at may medikal na dahilan para pilitin (ilunsad) ang panganganak.

Sa unang dalawang (2) oras kasunod ang pagpapasok, dapat kang manatiling nakahiga. Kung uuupo ka o maglalakad makalipas ang unang dalawang oras, dapat kang maging maingat para matiyak na mananatili sa lugar ang ipinasok. Habang nakapasok ang CERVIDIL, maingat na susubaybayan ng doktor mo ang iyong progreso at ang kabutihan ng lagay ng iyong sanggol at aalamin kung kailan aalisin ang ipinasok.

### MAHALAGANG IMPORMASYONG PANGKALIGTASAN

Dapat lang ipasok ang CERVIDIL ng sanay na propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan sa isang ospital na angkop sa panganganak.

#### Sino ang HINDI dapat bigyan ng CERVIDIL?

HINDI ka dapat bigyan ng CERVIDIL kung ikaw ay:

- Nakaranas ng allergic na reaksiyon sa mga prostaglandin (ilang mga sangkap na parang hormone)
- Nakaranas ng hindi maipaliwanag na pagdurugo sa vagina sa panahon ng pagbubuntis mo
- Nagsimula nang makatanggap ng mga gamot para masimulan ang panganganak
- Nakapanganak na ng anim na beses o mas marami pa sa buhay mo

Pakitingnan ang Mahalagang Impormasyong Pangkaligtasan sa kabuuan at ang nakalakip na buong [Impormasyon sa Pagrereseta](#).

## Mga karaniwang tanong

### Ano ang CERVIDIL?

Ang CERVIDIL ay isang vaginal insert na may mahabang panghugot na pisi na inilalagay malapit sa cervix. Doon nito pinalalabas ang gamot na dinoprostone, sa kontroladong rate nang hanggang 12 oras.<sup>1</sup> Kapag hinog na ang iyong cervix o kapag nagpasya na ang iyong doktor o komadrona na oras na, ang CERVIDIL ay maaari nang alisin nang marahan at madali gamit ang panghugot na pisi.

### Bakit ko kailangan ng CERVIDIL?

Maaaring magpasya ang iyong doktor o komadrona na oras na para gamitin ang CERVIDIL dahil ikaw ay nasa o lagpas na sa petsa ng panganganak; nabasag na ang iyong patubigan pero hindi pa nagsisimula ang katawan mo sa panganganak, o may medikal na pangangailangan para mapanganak ang iyong sanggol.<sup>1</sup>

### Bakit kailangang maging handa ang aking cervix sa panganganak?

Kapag ang cervix ay malambot, manipis at nakabuka, makakadaan ang sanggol sa iyong birth canal. Ang CERVIDIL ay ang tanging aprubado ng FDA na insert para tulungang ihanda ang iyong cervix sa panganganak.<sup>1,2</sup>

[www.CERVIDILinfo.com](http://www.CERVIDILinfo.com)

## MAHALAGANG IMPORMASYONG PANGKALIGTASAN (karugtong)

HINDI ka rin dapat bigyan ng CERVIDIL kung napagpasiyahan ng doktor mo na:

- Nababalisa ang sanggol mo at kailangang maipanganak agad
- Ang ulo o katawan ng sanggol mo ay maaaring masyadong malaki para kumasya sa iyong balakang ("cephalopelvic disproportion")
- Hindi angkop sa iyo ang mga gamot na ginagamit para mailunsad ang panganganak o ang pinatagal na contraction ng matris mo ay maaaring mapanganib para sa iyo o sa sanggol mo tulad ng kung may dati ka nang cesarean section o operasyon sa iyong matris.

### Ano ang pinakaseryosong mga peligrong kaugnay ng paggamit ng CERVIDIL?

Ang paglulunsad ng panganganak ay naiugnay sa dagdag na peligro ng pagkakasakit ng hindi normal na pamumuo ng dugo na nagreresulta sa sobrang pagdurugo agad matapos ang panganganak ("disseminated intravascular coagulation" o DIC). Mas mataas ang peligro sa mga kababaihan na ang edad ay mahigit sa 30, sila na may mga komplikasyon sa panahon ng pagbubuntis, at sila na ang mga pagbubuntis ay nagtagal nang mahigit sa 40 linggo.

Sa bibihirang mga kaso, ang paggamit ng CERVIDIL ay kaugnay sa mas mataas na peligro ng malamang na pagkamatay ng ina na tinatawag na "amniotic fluid embolism." Ang sanhi ng amniotic fluid embolism ay hindi pa gaanong malinaw pero pinaniniwalaan na ang ilang amniotic fluid o ibang mga sangkap ay maaaring humalo sa daluyan ng dugo mo at magsimula ng malalang reaksiyon na maaaring magdulot ng pagbagsak ng puso at baga.

### Ano ang dapat kong talakayin sa aking doktor bago simulan ang paglulunsad ng panganganak o mabigyan ng CERVIDIL?

Tulad ng ginagawa mo sa kabuuan ng iyong pagbubuntis, siguruhing sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa lahat ng iniinom mong

### Paano gumagana ang CERVIDIL?

Dinesenyo ang CERVIDIL para direktang gumana sa iyong cervix para matulungang gawin itong malambot, manipis at bumuka. Kapag nagpasya ang iyong doktor o komadrona na oras na, madali niyang maaalis ang CERVIDIL gamit ang mahabang panghugot na pisi (tulad ng tampon)<sup>1</sup>.

### Ang CERVIDIL ba ay pareho sa Pitocin o oxytocin?

Hindi, ang CERVIDIL ay ginagamit para pahinugin ang cervix at maaaring magdulot ng banayad na mga contraction. Ginagamit ang Pitocin o oxytocin para gumawa o palakasin ang mga kasalukuyang contraction.

### Bakit hindi kayang mahinog ng aking cervix mag-isa?

Minsan, kailangan ng katawan mo ng tulong dahil hindi ito nakakagawa ng sapat na dinoprostone, isang hormone na naghahanda sa katawan sa panganganak. Makakapagpasya ang iyong doktor o komadrona kung kailangan ng tulong mula sa CERVIDIL.

### Tama ba para sa akin ang CERVIDIL?

Mahigit sa 5 milyong mga CERVIDIL vaginal insert ang naibigay na sa Estados Unidos.<sup>3</sup> Repasuhin ang Mahalagang Impormasyong Pangkaligtasan sa ibaba at kausapin ang iyong doktor o komadrona; tanging siya lang ang makakapagpasya kung tama para sa iyo ang CERVIDIL.

medikasyong de-reseta o over-the-counter. Bago ibigay ang CERVIDIL, siguruhin na nasabi mo sa iyong doktor ang tungkol sa lahat ng kasalukuyan at nakaraan mong medikal na kalagayan, kabilang:

- Kung nabasag na ang patubigan mo
- Ang anumang hindi maipapaliwanag na pagdurugo sa vagina sa panahon ng pagbubuntis
- Lahat ng operasyon sa matris, lalo na ang dating cesarean section o operasyon sa matris
- Ang kasaysayan ng mga contraction na nagtatagal nang mahigit sa 2 minuto
- Glaucoma
- Hika, kahit na nagkaroon ka ng hika noong bata ka pa at wala nang atake ng hika sa iyong pagtanda.

### Ano ang mga karaniwang hindi ninanais na epekto ng CERVIDIL?

Ang mga pinakakaraniwang hindi ninanais na epektong kaugnay sa paggamit ng CERVIDIL ay mga contraction na nagaganap sa rate na mas mabilis sa normal (tachysystole) at mga senyales na ang sanggol ay pagod na o nababalisa (uterine hyperstimulation). Sa mga klinikal na pagsubok, ang mga epektong ito ay mag-isang nagaganap o sabay-sabay sa mas kaunti sa 1 sa 20 kababaihan na nabigyan ng CERVIDIL.

Sa mga klinikal na pagsubok, ang lagnat, pagduruwal, pagsusuka, pagtatae at sakit sa tiyan ay napansin sa mas kaunti sa 1 sa 100 kababaihan na nabigyan ng CERVIDIL.

Hindi ito kumpletong listahan ng mga posibleng hindi ninanais na epekto.

**Mga sanggunian:** 1. Cervidil [package insert]. Parsippany, NJ: Ferring Pharmaceuticals Inc. 2. FDA Orange Book. <http://www.accessdata.fda.gov/scripts/cder/ob/docs/tempai.cfm>. In-access Agosto 17, 2015. 3. Data sa file. Ferring Pharmaceuticals Inc.